
Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

19 Oktubre 2025 | Ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

LINGGO NG MISYONG PANDAIGDIG

## ANG KAPANGYARIHAN NG PANALANGIN



*Nayong Linggo, nag-aanyaya ang Simbahang pagnilayan natin ang kapangyarihan ng panalangin. Nakatitinag ng mga bundok ang pananampalataya; ang panalangin ay nakaaantig sa puso ng Diyos. Ngunit para magkabisa nang gayon ang panalangin, dapat itong nakaugat sa pakumbabang pananampalataya – sa tapat na pananalig sa pag-ibig ng Diyos, kahit di tayo karapat-dapat. Taglay ang ganitong wastong saloobin, makaiiwas tayo sa pagkakamaling igiit ang sariling kalooban at tumalikod sa pagdarasal kapag di agad napagbigyan. Ang panalangin nati'y dapat: "Masunod nawa ang iyong kalooban."*

*Sa pagdiriwang natin ng "Linggo ng Misyong Pandaigdig," ipinagugunita sa atin nang buong pagmamahal at paghanga ang ating mga kapatid kay Kristo na lumisan sa kani-kanilang tahanan upang maging mga tagapaghatid ng Ebanghelyo sa mga lugar kung saan di pa kilala si Hesus o di pa Siya tinatanggap. Ipakita natin ang ating pakikiisa sa kanila, di lamang sa ating mga donasyon, kundi pati sa ating mga dasal para sa kanilang pangangailangan at mga layunin.*

### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang daing ko, Poong mahal,**
**lagi mong pinakikinggan,**
**hiling ko'y pinagbibigyan.**
**Kami'y lagi mong titigan**
**nang magkamit ng kaligtasan.**
***(Sal 17, 68)***

#### Pagbati

***P*** – Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos at Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo.

***B*** – **At sumaiyo rin.**

#### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayo sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoon kami'y nagkasala sa iyo.

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** – Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

***B*** – **Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen.**

#### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**Panalanging Pambungad**

*P–* Ama naming makapangyarihan, gawin mong lagi naming matapat na sundin ang loob mo upang kami'y wagas na makapaglingkod sa iyo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B–* **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Ex 17, 8-13*

*Ang pagtatagumpay ng mga Israelita sa mga Amalecita ay patunay sa kahalagahan ng panalanging kahilingan at pamimintakasi, lalo na sa mahihigpit na sandali sa ating buhay.*

*L–* Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo

**Noong mga araw na iyon, ang mga Israelita'y nasa Refidim at sinalakay sila ng mga Amalecita. Sinabi ni Moises kay Josue, "Pumili ka ng ilang tauhan natin at pangunahan mo sa pakikipaglaban sa mga Amalecita. Tatanganan ko naman ang tungkod na ibinigay sa akin ng Diyos at ako'y tatayo sa ibabaw ng burol."**

**Sinunod ni Josue ang utos ni Moises at hinarap niya ang mga Amalecita. Si Moises naman, kasama sina Aaron at Hur ay nagpunta sa burol. Kapag nakataas ang mga kamay ni Moises, nananalo ang mga Israelita; kapag nakababa, nananalo naman ang mga Amalecita. Nangawit na si Moises kaya sina Aaron at Hur ay kumuha ng isang bato at pinaupo roon si Moises habang hawak nilang pataas ang mga kamay nito hanggang sa lumubog ang araw. Dahil doo'y nalupig ni Josue ang mga Amalecita.**

Ang Salita ng Diyos.


*B–* **Salamat sa Diyos.**


**Salmong Tugunan**

***(Awit 120, 1-2. 3-4. 5-6. 7-8)***

*B–* ***Sa pangalan ng Maykapal, tayo ay tinutulungan.***

*R. M. Velez*




* **Sa gawi ng bundok, tumitingin ako, saan manggagaling ang aking saklolo? Ang hangad kong tulong, sa Diyos magmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.** ***B.***

* **Huwag sana akong bayaang mabuwal, handang lagi siya sa pagsasanggalang. Ang tagapagtanggol ng bayang Israel hindi natutulog at palaging gising.** ***B.***

* **Ang D'yos na Panginoon, siyang magbabantay, laging nasa piling, upang magsanggalang, di ka magdaramdam sa init ng araw, kung gabi ay di ka sasaktan ng buwan.** ***B.***

* **Sa mga panganib, ika'y ililigtas nitong Panginoon, siyang mag-iingat. Saanman naroon, ika'y iingatan, di ka maaano kahit na kailan.** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** *2 Tim 3, 14–4,2*

*Buhat sa kanyang pagkakabilanggo, pinaaalalahanan ni Pablo si Timoteo (at tayo) ng kahalagahan ng Banal na Kasulatan at ng tungkuling ipahayag nang tapat at buong tapang ang mensahe nito.*

*L–* Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Pinakamamahal ko: Huwag mong tatalikdan ang mga aral na natutuhan mo at matibay na pinananaligan, yamang kilala mo ang nagturo nito sa iyo.**

**Mula pa sa pagkabata, alam mo nang ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo ng daan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig kay Kristo Hesus. Lahat ng kasulata'y kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid sa likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay. Sa gayon, ang lingkod ng Diyos ay magiging handa sa lahat ng mabubuting gawain.**

**Inuutusan kita sa ngalan ng Diyos at ni Kristo Hesus na hahatol sa mga buhay at mga patay: alang-alang sa kanyang pagparito at paghahari, ipangaral mo ang salita ng Diyos, napapanahon man o hindi; hikayatin mo, pagsabihan, at patatagin ang loob ng mga tao sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo.**

Ang Salita ng Diyos.

*B–* **Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***Heb 4, 12***

*B–* **Aleluya! Aleluya!**
**Buhay ang salita ng D'yos,**
**ganap nitong natatalos**
**tanang ating niloloob.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 18, 1-8*

*Ang utos ng Panginoong magdasal nang buong pananalig ay itinatampok sa salaysay tungkol sa isang balong dahil sa tiyaga'y nagkamit ng kanyang kahilingan. Ngunit sa pagdarasal, pinaaalalahanan tayo ni Hesus na pananalig ang pangunahing kundisyon para sa pagsisimula ng panalangin at pagsusumikap dito.*

*P–* Sumainyo ang Panginoon.

*B–* **At sumaiyo rin.**

*P–* Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

*B–* **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, isinaysay ni Hesus ang isang talinghaga upang ituro sa mga alagad na dapat silang manalanging lagi at huwag manghinawa.**

**"Sa isang lunsod," wika niya, "may isang hukom na hindi natatakot sa Diyos at walang taong iginagalang. Sa lunsod ding iyon ay may isang babaing balo na punta nang punta sa hukom at humihingi ng katarungan. Tinanggihan siya ng hukom sa loob ng ilang panahon. Ngunit nang malaunan ay nasabi nito sa sarili: 'Bagamat hindi ako natatakot sa Diyos, ni gumagalang kaninuman, igagawad ko na ang katarungang hinihingi ng babaing ito sapagkat lagi niya akong ginagambala – baka pa ako mainis sa kapaparito niya.'"**

**At sinabi ng Panginoon, "Narinig ninyo ang sinabi ng masamang hukom. Hindi ipagkakait ng Diyos ang katarungan sa kanyang mga hinirang na dumaraing sa kanya araw-gabi, bagamat tila nagtatagal iyon. Sinasabi ko sa inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang katarungan. Ngunit pagdating**

**ng Anak ng Tao sa daigdig na ito, may makikita kaya siyang mga taong nananalig sa kanya?"**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B*** **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

***P*** **–**Alinsunod sa halimbawa ni Moises at ng matiyagang balo, buong pananalig nating idulog sa Panginoon ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan ng sangkatauhan:

***B*** **– Panginoon, dinggin Mo kami.**

* Para sa Simbahan, ang sakramento ng kaligtasan: Sa pamamagitan ng kanyang liturhiya at panalangin ng mga kasapi, makapaghatid nawa siya ng ibayong biyaya para sa sangkatauhan. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating obispo, at lahat ng mga pinuno ng Simbahan: nawa'y magpatuloy sila sa pamamatnubay nang buong tapang, kababaang-loob, at pananalig sa tulong ng Diyos. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng mga misyonerong pari, mga relihiyoso, at boluntaryong layko sa mga misyon: nawa'y maging matatag silang tagapaghatid ng Mabuting Balita at magpatotoo rito sa kanilang pamumuhay nang ayon sa mga pagpapahalagang kanilang ipinahahayag. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga nag-iisip sumama sa gawang pang misyon: nawa'y bukas-loob na tugunin ng kabataan ngayon ang panawagan ni Kristong magpahayag ng kanilang pananampalatayang Katoliko sa lahat ng tao. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** **–**Panginoon, tanggapin Mo po kami ngayon kahit na kami'y di karapat-dapat. Tulutan Mong kami'y magpakumbaba at manalangin para sa pagkakamit ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B*** **– Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo . . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–**Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong ikaw ay aming kusang mapaglingkuran sa paghahain namin ng mga alay na iyong bigay upang kami'y dalisayin ng iyong pagmamahal sa paglilingkod namin ngayong ginaganap ang banal na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

### Prepasyo I

***P*** **–** Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **– At sumaiyo rin.**

***P*** **–** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B*** **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** **–** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B*** **– Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*** **–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** **–** Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## Paanyaya sa Pakikinabang

*P*– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B***– **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

## Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang sa D'yos nagtitiwala**
**ay kanyang kinakalinga**
**sa pag-ibig n'yang dakila**
**nang h'wag magutom na lubha**
**at upang hindi manghina.**

***(Sal 33, 18-19)***

## Panalangin Pagkapakinabang

*P*–Ama naming mapagmahal, gawin mong sa aming banal na pakikinabang kami ngayon ay iyong matulungan at mahubog para mamuhay sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* –Sumainyo ang Panginoon.

***B* –At sumaiyo rin.**

*P* –Pagpalain kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* –Amen.**

*P* –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B* –Salamat sa Diyos.**







Listen to

**BISPERAS SA VERITAS**

(846 kHz)

Saturdays 5:00 - 6:00 P.M.

WATCH VIA FB LIVE DZRV 846 FACEBOOK PAGE




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**

***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org

• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications

• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# *Hanggang sa Lumubog ang Araw!*

*Kalakbay at Katoto*

**Pagtitiyaga, pagpupunyagi, pagtitiis, pagsisikap, at pag-aaguanta ang larawang buong-buo sa mga pagbasa**. Sa una, nagtiis, hindi lamang si Moises, na panatiliing nakataas ang mga kamay sa pananalangin. Pati sina Aaron at Hur ay nag-isip ng paraan upang mapanatiling nakataas ang mga kamay ni Moises *"hanggang lumubog ang araw."*

Sa Ikalawang Pagbasa, tagubilin ni Pablo kay Timoteo na *"huwag talikdan ang mga aral na natutuhan at matibay na pinananaligan."* Sa mabuting balita naman, isang babaeng balo naman ang ginamit ang kakulitan upang makamit ang kanyang kahilingan.

Tumbukin agad natin ang paralelismo o kaugnayan nito sa buhay natin …

**Pagod na pagod na ang ating mga kamay sa maraming bagay**. May pagkakataong gusto na nating bumitaw, at hayaan na lamang ang mga kampon ng kadiliman ang silang maghari sa buhay natin. Ngunit pagod rin ang ating buong katawan at pag-iisip sa paglaban, hindi sa masasamang tao, kundi sa mabubuting tao na hindi lubos ang pagtalima sa tawag ng ganap na kabutihan.

**Kung minsan, sumasagi sa isipan ko na mas madali pa ang pinagdaanan ni Moises**. Alam niya ang kaniyang kalaban. Tukoy niya kung sino ang mga sumasalungat sa kalooban ni Yahweh. Sa panahon natin, ang matindi ay ito … ang mga lumalaban sa Santa Iglesya ay ang mga nagsasabing sila ay kasapi ng Iglesya, ang mga tinatawag sa Ingles na *"cafeteria catholics,"* na parang namimili lamang kung alin ang gusto nilang paniwalaan at sundin, tulad ng taong namimili ng gustong kainin sa cafeteria.

**At sa maraming usapin, tila nag-iisang tinig na sumisigaw sa ilang ang Inang Simbahan**. Nabili na nila ang media. Nakuha na nila ang opinion popular ng bayan, salamat sa mga katotohanang parsyal na kanilang paulit-ulit na sinasabi. Ang Simbahan ngayon ang pinagbibintangan nilang sinungaling at nananakot sa tao. Ang Simbahan ngayon ang idinidiin bilang makaluma, at salungat sa pagtakbo ng progreso at pag-unlad.

**Mahirap manatiling nakataas ang kamay sa panalangin, at sa pagtataguyod ng tama, at ng magaling sa pangkabuuang katayuan ng tao.** Mabuti ang bawasan ang mahihirap sa mundo. Mabuti ang iangat ang kanilang antas ng pamumuhay. Mabuti ang makapag-aral ang lahat ng bata sa lansangan, sa halip na patuloy na pagdaming parang daga na hindi naman mapakain at mapag-aral. Sang-ayon ako sa pangarap na ito.

**Ngunit ang mahirap gawin ay ang pairalin ang ganap na kabutihan, ang kapakanang pangkalahatan, na bumabagtas sa kapakanang pansarili ngayon at dito lamang**. At ang kabutinang ganap na ito ay bumabagtas sa kabutihang pang-ngayon lamang at pang dito, kabutihang nabibilang at nasusukat lamang. **Ito ang pinangangalagaan ng Iglesya – ang ganap na kabutihang bumabagtas sa personal na kapakanan, at temporaryong kabutihang may kinalaman lamang sa bagay na nabibilang at nahihipo**. Ito ang dahilan kung bakit, bagama't tila nag-iisa na sa ilang ang Simbahan, patuloy niyang ipinagtataguyod ang kanyang pananampalataya at katungkulang mangaral tungkol sa pamumuhay moral at pananampalataya. Aanhin natin ang kariwasaan kung ang ang pagkatao naman natin ay mapariwara? Aanhin natin ang yaman kung ang tao naman ay halos mag-asal hayop at makalimot na sa mga pagpapahalagang makalangit at maka-Diyos?

**Nguni't uulitin ko…. Mahirap gawin ang lahat ng ito, lalu na't ang opinion popular ay laban na sa simbahan at sa mga namumuno nito, na kay dali nilang tawagin bilang "Padre Damaso."** (Kahit na hindi nila alam ang tunay na kahulugan nito!) Ang isang isyu na dapat ay panatiliing isyu sa larangan ng pakikipagtalong objetivo ay nauwi sa isang personal na atake sa mga namumuno sa Simbahan.

**Kung si Moises ay nanghinawa at nanghina, ganuon rin tayo … ganuon rin kaming mga pari at pastol.** Mabuti pa si Moises at nanduon si Aaron at Hur. Tinukuran nila ang mga kamay ni Moises. Ngunit ang lahat ng ito ay hindi lamang patungkol sa aming mga pari. Patungkol ito sa lahat ng nagsasabing sila ay Kristiyano Katoliko. At ang magandang balita para sa amin ay magandang balita rin para sa aming kawan … kayong nagbabasa nito ngayon.

Ang labang ito ay walang kinalaman sa diumano ay pakikialam ng simbahan sa politika. Iyan ang sabi ng media na ngayon ay tinatanggap na lamang ng marami. Hindi ito pagpapataw ng bagay na imposibleng gawin, na sabi nila ay hindi kaya pati ng mga alagad ng simbahan. At lalung hindi ito capricho lamang ng mga paring tulad ng lahat ay taong masakalanan rin. Ito ay laban ng mabuti at ng ganap na mabuti … mabuti noon, ngayon, at bukas – at kabutihang ganap na walang kinalaman lamang sa kayamanan, ginhawang pangkatawan, at makamundong mga panukat ng kasaganaan.

**Hirap ang Simbahan na itaguyod ang tama at higit na mabuti sa panahong ito**. Kailangan nating gumanap bilang Aaron at Hur na nagtukod sa mga braso ni Moises. Pakiusap ko sa aking mga tagabasa na gampanan ito. Gawin ninyo ang inyong kayang gawin, at huwag iasa lamang kay Moises at sa mga katumbas ni Moises ang laban na ito.

At huli sa lahat, samahan natin ng panalangin at pagtataas ng ating mga kamay, hanggang sa lumubog ang araw ng kawalang-pansin at kawalang pag-asa.

**Nakikiusap. Nagsusumamo… huwag talikdan ang mga aral na natutunan at matibay na pinanaligan!**